

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Rehiyonal na Konsehal ng Brampton na si Rowena Santos muling napili sa Federation of Canadian Municipalities Board para sa 2023-2024 Termino

BRAMPTON, ON (Mayo 29, 2022) – Pinili ng Federation of Canadian Municipalities (FCM) si Konsehal ng Brampton Rowena Santos sa board nito para sa pang-apat na diri-diretsong term.

Ang FCM ay naging pambansang boses ng munisipal na pamahalaan ng Canada mula 1901. Kabilang sa mga miyembro ang higit sa 2,000 munisipyo mula sa buong bansa, na kumakatawan sa higit sa 90 porsyento ng lahat ng Canadian. Ang Taunang Kumperensiya at Trade Show ng Federation of Canadian Municipalities ay idinaos sa Toronto mula Mayo 25 - 28, na may tema ng taon na ito na *Lokal na Aksyon, Pambansang Resulta*.

Naglingkod si Konsehal Santos sa board ng FCM mula 2020. Bilang Vice Chair ng Anti-Racism at Equity Committee mula sa pagsisimula, ang mga haliging ito at nagsisikap para itaguyod ang mas nagsasalit sa lahat na mga kapaligiran upang maging prayoridad sa pagpapatuloy.

Bawat taon, ang Kumperensiya ay nagbibigay ng pagkakataon para matalakay ng Lungsod ng Brampton ang mahahalagang mga isyu at upang itaguyod para sa suporta at pondo mula sa Pamahalaang Pederal. Kabilang sa mga prayoridad sa adbokasiya ng Lungsod para sa 2023 ang:

- Isang commitment para sa pagtayo ng mas mahusay na transit;
- Paghahatid ng mga opsyon sa pabahay at umuunlad na mga komunidad para sa mga residente ng Brampton;
- Sustenableng pagpopondo upang maipatupad ang aktibong imprastraktura sa transportasyon at mga programa;
- Mga pamumuhunan para isulong ang pag-angkop sa pagbabago ng klima at pagkamadaling nakakabangon; at,
- Mga pamumuhunan sa pag-unlad at pagbangon ng ekonomiya, mga trabaho at paglago.

Ang mas maraming impormasyon tungkol sa adbokasiya ng Lungsod ay makikita sa [website ng Lungsod ng Brampton](#).

Mga Quote

“Isang malaking karangalan ang muling mapili at patuloy na maglingkod kasama ang aking mga kasamahan sa buong Canada. Sa matapang, coordinated na aksyon sa buong bansa makapagpapatuloy tayo na magbigay ng boses para sa mga munisipyo, na may lokal na aksyon at

pambansang resulta. May pokus sa paglikha ng nagsasali sa lahat na mga espasyo at sumusuportang mga kapaligiran sa lahat, nananabik ako na ipagpatuloy ang trabaho ng Brampton sa FCM para sa iba na namang taon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Napakamaswerte natin na may boses ni Konsehal Santos sa board sa FCM pinapagalaw ang mahalagang piyesa pasulong na mas magpapaganda sa mga komunidad sa buong bansa. Sa ngalan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton, binabati ko si Konsehal Santos sa pagkakapili muli na maglingkod sa FCM Board of Directors para sa iba na namang taon”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng halos 700,000 tao at higit sa 90,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca